Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG DISYEMBRE, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 205-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HINDI NAGPAPATIBAY SA APLIKASYON PARA SA SPECIAL USE PERMIT NI G. ILDEFONSO C. MEDEL, PANGULO NG FLEX FUEL PETROLEUM CORPORATION PARA SA ITATAYONG GAS STATION SA LUPANG PAG-AARI NI BB. MARIA CECILIA Q. LUSTRE NA MATATAGPUAN SA BARANGAY SANTIAGO, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN.**

**AKDA NI: KGG. NOEL G. PINEDA,**
**KAMAY-AKDA: KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**ITINAGUYOD NI: KGG. EMMANUEL R. SACAY**

**SAPAGKAT,** si G. Ildefonso C. Medel, ay naghain ng aplikasyon sa Sangguniang Panlungsod na humihiling ng resolusyon na mapahintulutan na makapagtayo ng proyektong *Gas Station* na matatagpuan sa Barangay Santiago, Lungsod ng Malolos, Bulacan;

**SAPAGKAT,** ang Special Use Permit (SUP) ay pangunahing rekisito sa pagtatayo ng *gas station* sa ating lokalidad, ito ay ipinagkakaloob ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng isang pinagtibay na kapasiyahan matapos ang masusing pag-aaral sa aplikasyon batay sa itinatadhana ng *CITY ORDINANCE NO. 67-2020, 'AN ORDINANCE UPDATING AND AMENDING CITY ORDINANCE NO. 07-2013 ALSO KNOWN AS "AN ORDINANCE AMENDING SECTION 4 OF ARTICLE VIII OF THE ZONING CODE OF MALOLOS" TO INCLUDE ADDITIONAL INDUSTRIES COVERED BY THE ISSUANCE OF SPECIAL USE PERMIT (SUP) AND PROVIDING FOR CONDITIONS THEREIN';*

**SAPAGKAT,** nagkaroon na ng serye ng mga pagdinig, upang talakayin at pag-aralan ang mga isinumiteng aplikasyon, kalakip ang mga dokumento, kung ito ba ay sapat upang makapagbigay ng *special use permit;*

**SAPAGKAT,** nagkaroon din ng tagubilin sa mga Pinuno ng Tanggapan na mapag-aralan ang aplikasyon ni G. Ildefonso C. Medel at kung mayroong nakitang pagtatama ay direktang ipaabot sa aplikante at bigyan ng sipi ang Sangguniang Panlungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, batay sa naging pag-aaral ng Tanggapan ng Panlungsod na Pagpaplano at Pagpapaunlad ay walang nakitang maaaring tumugon sa hinihiling na rekisito na *Water Waste Sewerage System* na hinihingi ng Seksyon 4 *(Documentary Requirements)* ng *City Ordinance No. 67-2020* at tanging *Septic Vault* lamang ang nakalagay sa paksang plano ng aplikasyon;

**SAPAGKAT**, nagsumite din ang Tanggpan ng Panlungsod na Pagpaplano at Pagpapaunlad sa Lupon sa Kabuuan ng *Neighborhood Consent Verification Report*, na kabilang sa isinagawang pag-aaral patungkol sa pagpapatayo ng *gasoline station* ng Flex Fuel Petroleum Corporation sa Barangay Santiago, at ayon sa naging ulat ay mayroong mga tumututol *(not in favor)* na residente sa pagpapatayo ng nasabing *gasoline station*;

**SAPAGKAT**, lumalabas sa pag-aaral na ang aplikante ay hindi nakatugon sa isinasaad ng *CITY ORDINANCE NO. 07-2013 "AN ORDINANCE AMENDING SECTION 4 OF ARTICLE VIII OF THE COMPREHENSIVE ZONING CODE OF MALOLOS - ORDINANCE NO. 6-97 SPECIFICALLY ON THE ISSUANCE OF SPECIAL USE PERMIT" x x x SECTION 4.- A. Gasoline/Filling Station/ LPG Station;*

- *i. They must conform with standards set by the Department of Energy.*
- *ii. They shall not constitute safety hazards in a community developed entirely for residential purpose. x x x.*
- *v. No gasoline/filling station shall be located within a residential zone without written conformity of the Homeowners' Association and/or the Barangay Council and the Local Fire Department.*
- *vi. The proponent shall obtain sworn statement of owners of land immediately adjacent to the proposed site signifying their conformity or non-conformity to the proposed activity as one of the prerequisites for the granting of special use permit;*

**SAPAGKAT**, ang aplikante ay maaaring magsumite muli ng aplikasyon sa sandaling makumpleto ang mga kinakailangang rekisito sa paggagawad ng *special use permit*;

**SAPAGKAT**, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlahat;

**DAHIL DITO**, sa kahilingan ni **Kgg. Emmanuel R. Sacay** na pinangalawahan nina **Kgg. Dennis D. San Diego, Kgg. Alfonso M. Arcega at Kgg. Patrick S. Dela Cruz**, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, **'NA HINDI IPINAGTITIBAY ANG APLIKASYON PARA SA SPECIAL USE PERMIT NI G. ILDEFONSO C. MEDEL, PANGULO NG FLEX FUEL PETROLEUM CORPORATION PARA SA ITATAYONG GAS STATION SA LUPANG PAG-AARI NI BB. MARIA CECILIA Q. LUSTRE NA MATATAGPUAN SA BARANGAY SANTIAGO, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN'.**

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

*****KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**NOLIE C. NARCISO**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
***wala sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahang Panlungsod (via Zoom)

DhorieTrogo(SDC2)*12212021